
# Balitang Manmin

BILANG 144 NOBYEMBRE 15, 2015




# Pang-isandaang Libro ni Dr. Jaerock Lee
# *Si Abraham, Kaibigan ng Diyos*

## Pag-ibig ng Diyos, makikita sa buhay ni Abraham

Malapit si Abraham sa Diyos, sinabi pa ng Diyos, "Ililihim Ko ba kay Abraham ang Aking gagawin?" Dahil sa pananampalataya ni Abraham, pinagpala ang lahat ng aspeto ng buhay niya. Naging malusog siya, sumagana ang kaluluwa at naging ama ng pananampalataya. Perpekto ang pananampalataya niya, hinahangad ng lahat ng mananampalataya ang ganitong klaseng pananampalataya. Siya ang magsisilbing pamanatayan ng pananampalataya sa huling paghatol.

Kinakailangan niyang pagtuunan ng atensyon ang kanyang pananampalataya at magtiwala sa Diyos para tumanggap ng mga biyaya. Anong klaseng pananampalataya ba ang taglay niya na nakakalugod sa Diyos? Bakit tinawag siyang 'kaibigan ng Diyos'? Gaano ba kalapit ang relsayon niya sa Diyos? Noong Oktubre 10, 2015, sa anibersaryo ng iglesya, inanunsyo ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang paglalathala ng kanyang pang-isandaang librong *Abraham, the Friend of God* (Si Abraham, Kaibigan ng Diyos) para mabasa at matularan ng lahat ng miyembro ng iglesya ang tungkol sa pananampalataya ni Abraham, mas maluluwalhati nila ang Diyos dahil dito.

Itinakda si Abraham ng Diyos ng pag-ibig bilang ama ng pananampalataya para turuan tayong magkaroon ng tunay na pananampalataya sa pamamagitan ng buhay nito. Nais din Niyang ibigay sa ating lahat ang mga biyayang tinamasa ni Abraham. Dapat din nating buwagin ang makalaman na saloobin, magtagumpay sa mga pagsubok, at sumunod sa Diyos dahil batid natin ang kalooban Niya tulad ng ginawa ni Abraham. Pagkatapos, tatawagin din tayong kaibigan ng Diyos.

Nilalaman ng librong ito ang mga bahagi ng serye ng mga pagtuturo ni Dr. Lee tungkol sa aklat ng Genesis. Hinati sa tatlong bahagi ang pagtuturo tungkol sa kabanata 12-25: 'Pagtitiwala at Pagsunod', 'Pagsasakripisyo at Pagpapasakop', at 'Pag-ibig at Pagpapala'. Hindi lang ang pananampalataya ni Abraham na lubos na umasa sa Diyos ang tinalakay ng libro, tinalakay din nito ang pananampalataya ng pamangkin niyang si Lot, na sariling pakinabang ang inuna; ang kay Sarah, na hindi nagtiwala sa pangako ng Diyos; at ang pagsunod ng nag-iisang anak niyang si Isaac.


Higit sa lahat, ang nakakaantig ng damdaming tagpo kung saan nagtagumpay si Abraham sa pagsubok ng pananampalataya dahil inialay niya ang anak niyang si Isaac bilang handog na susunugin. Dahil dito, tinawag si Abraham na 'kaibigan ng Diyos' at naging ama siya ng pananampalataya.

Nang ibigay kay Abraham ang pagsubok, sinabi niya sa Diyos, "...nadama ko na nagpapakita ng dakilang pagmamahal sa akin ang Ama nang hilingin Niya ang anak ko bilang handog na susunugin. Lumuluha ako dahil sa pagmamahal ng Ama na nagtiwala sa akin. Ama, palagi Mo akong isinasaalang-alang, nais Mong pagpalain ako. Dahil sa pag-ibig Mo, naging ama ako ngayon ng pananampalataya."

Naintindihan ni Abraham ang kalooban ng Diyos, nagtagumpay siya sa pagsubok kaya tinawag siyang ama ng pananampalataya. Tinawag din siyang 'bukal ng pagpapala' at 'kaibigan ng Diyos'. Tinamasa niya ang umaapaw na pagpapala sa espiritu at katawan. At bumata siyang muli at nagkaanak pa ng anim na lalaki. Sa kamatayan niya, binigyan siya ng mataas na posisyon sa Bagong Jerusalem, ang pinakamabuting tirahan sa Langit, at tutulungan niya ang Diyos sa Paghuhukom ng Malaking Tronong Puti.

Sa pagitan ng mga kabanata ng libro, mayroong walong karagdagang kaalaman na tutulong sa inyong mas maintidihan ang buhay ni Abraham. Sasagutin ang mga tanong tulad ng, 'Sino si Mechizedek, ang Hari ng Salem?' at 'Sino ang Tatlong Lalaking Kasama Niya?' Ang edisyon sa wikang Koreano ay mabibili na sa Kyobo Book Center at sa Youngpoong Bookstore.

*Ang Mensahe ng Krus* ay isang makapangyarihan at makabagbag-pusong mensahe na gumising sa di mabibilang na kaluluwa sa iba't ibang bahagi ng mundo mula sa kanilang espirituwal na pagkakatulog at nagtikim sa kanila ng tunay na buhay kay Cristo!




*Paano nilalang ang unang tao mula sa alabok?*
*Bakit naglagay ang Dios ng punong nagbibigay-kaalaman sa mabuti at kasamaan sa Hardin ng Eden?*
*Bakit si Jesus ang tangi nating Tagapagligtas?*
*Bakit naghanda pa ng impiyerno ang "Dios ng pag-ibig"?*

Dito sa *Ang Mensahe ng Krus* ay makahahanap ka ng kasiya-siyang espirituwal na mga kasagutan sa mga mahahalagang katanungan ng lahat ng Cristiano na di pa nakatatanggap ng ganap at tamang mga paliwanag.

urimbooks.com Tel: 82-70-8240-2072



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Tunay na Katapatan

"Maging tapat ka hanggang sa kamatayan, at ibibigay Ko sa iyo ang korona ng buhay." (Pahayag 2:10)

•••

Kung mayroon kayong pananampalataya para mahalin ang Diyos sa pinakamataas na antas, mamahalin din ninyo Siya sa kaibuturan ng inyong mga puso. Naging tapat si Moises, sumunod si Abraham, nagpursigi si Pablo, at ang lahat ng pagmamalasakit ng mga ama ng pananampalataya ay naisakatuparan dahil minahal nila ang Diyos. Umaasa ako na susuriin ninyo kung anong klase ang katapatan ninyo kung ikukumpara sa katapatan ng mga ama ng pananampalataya.

### 1. Suriin ninyo kung pabagubago ang isipan ninyo, nagbabago ba ito ayon sa pakinabang na makukuha ninyo?

Ang 'pabagubagong isipan' ay isang katangian ng laman na dapat nating iwasan. Kung titingnan, parang hindi ito masama, pero habang tumatagal, magiging dahilan ito ng pagtataksil ninyo sa pagpapala ng Diyos.

Ganito ang nangyari kay Judas Iscariote. Habang kasama siya ni Jesus, nakita niya ang mga tanda at himala. Isang salita lang ni Jesus, muling nabuhay ang isang taong patay na at nakakita ang isang taong ipinanganak na bulag. Inisip ni Judas Iscariote na darating ang araw, mararanasan din niya ang pribilehiyo at karangalan dahil kay Jesus. Pero hindi nangyari iyon. Pinagkaisahan ng mga tao si Jesus at inusig ito. Tinangka itong patayin ng mga nasa kapangyarihan.

Nagsimulang magbago si Judas Iscariote nang makita niyang hindi mabuti ang nangyayari kay Jesus. Sa bandang huli, dahil inisip niya na wala na siyang makukuhang pakinabang, ipinagbili niya si Jesus, sinulsulan siya ni Satanas.

Nang magkaroon ng mga pagsubok ang iglesyang ito, isa-isang umalis ang mga nagsabing ibibigay nila ang kanilang buhay sa iglesya at sa pastol. Ito ay isang pagsubok ng Diyos para mabigyan Niya ng biyaya ang iglesya. Pero sa mata ng mga taong makalaman, inakala nilang nagdurusa at masisira ang iglesya, hindi na sila makikinabang. Nagbago sila ng isip. May mga pastor na basta na lang iniwan ang kawan na ipinagkatiwala sa kanila. Sinabi nilang magiging tapat sila sa kaharian ng Diyos, pero nang-iwan sila. Kahit hindi nila pinigilan ang ministeryo ng iglesya, tinalikuran nila ito pagkatapos nilang tumanggap ng maraming pagpapala mula sa Diyos. Ipinakita nito na hindi tunay ang pananampalataya nila. Nawala lahat ng pag-ibig, pananampalataya, at pag-asa na inipon nila. Kaya dapat nating palaging suriin ang 'pabagu-bagong isipan.'

Mas madaling magbabago ang isipan ninyo kung sariling pakinabang lang ang hinahanap ninyo. Sundin ninyo ang kalooban ng Diyos kapag ginagawa ninyo ang gawain Niya, huwag ninyong gawin kung ano ang gusto ninyo. Halimbawa, para sa mga pastor, pinagsisilbihan at nirerespeto sila ng mga miyembro. Pero kadalasan, sila ang nagsasakripisyo at naglilingkod sa mga miyembro. Kung minsan, wala na silang kalayaan at karapatan. Dapat nakahanda silang magbigay ng oras, mga bagay na nagbibigay aliw sa kanila, pati na ang buhay nila sa araw-araw.

Dapat isipin ng mga manggagawa ang magiging pakinabang ng buong kaharian ng Diyos. Sasaya siya at ang buong grupo niya kung pupurihin sila ng mga taong mataas ang posisyon lalo na kung hinahangad nila na mapuri ang paglilingkod na ginawa nila. Kung hindi, mawawalan siya ng gana, malulungkot siya at mapapagod. Pinagsisikapan ninyo ang isang tungkulin na kapansinpansin at kapuripuri, pero kung may isang gawain na mas madali at kapansinpansin at kapuripuri, gusto ninyo ang gawaing ito. Iiwanan na ninyo ang inyong tungkulin.

Nakapagtatag si apostol Pablo ng mga iglesya sa maraming lugar kaya nagkaroon ng maraming kawan ng Diyos. Sa halip na humingi ng pangtustos sa kawan, gumawa siya ng mga tolda para masuportahan ang ministeryo niya. Gaano karaming pag-uusig at pagdurusa ang pinagdaanan niya?

Sinasabi ng Ang Mga Gawa 20:22-24, "At ngayon, bilang bihag sa Espiritu ay patungo ako sa Jerusalem, na hindi nalalaman ang mga bagay na mangyayari sa akin doon; maliban na ang Espiritu Santo ay nagpapatotoo sa akin sa bawat lunsod, na sinasabing ang mga tanikala at ang kapighatian ay naghihintay sa akin. Ngunit hindi ko itinuturing ang aking buhay na mahalaga sa aking sarili, upang maganap ko lamang ang aking katungkulin at ang ministeryong tinanggap ko sa Panginoong Jesus, na nagpatotoo sa magandang balita ng biyaya ng Diyos." Ang sinabi lang niya ay 'Opo' kung kalooban ng Diyos, kahit batid niyang bubugbugin, dadakipin, at papatayin siya. Kahit nasa bilangguan siya, hindi siya naghanap ng kaginhawahan. Inalala niya ang iglesya at ang kalagayan ng kawan.

Nang tanggapin ninyo ang isang posisyon at tungkulin sa iglesya, marahil, gusto ninyong ihandog ang sarili para sa Panginoon, sa iglesya, at sa mga miyembro. Pero kung magbabago kayo ng isip dahil wala na kayong makuhang pakinabang, o dahil nahihirapan na kayo, hindi ba mababalewala ang katapatan ninyo noon? Sa halip na isipin ang inyong sarili, isipin muna ninyo ang kaharian ng Diyos at ang mga kaluluwa.

### 2. Nakikiusap ako sa inyo na suriin ninyo kung nakabatay sa situwasyon ninyo ang mga desisyon ninyo

Kung minsan, mabibigyan kayo ng trabaho na ayaw ninyong gawin, o hindi ninyo kayang gawin. Pagsikapan at pagbutihin ninyo ang paggawa ng trabahong ito, huwag ninyong sabihing hindi ninyo kaya. Ang paggawa ng mga tungkulin na mula sa Diyos ay hindi lang ayon sa kaalaman, mga talento, o kayamanan ng mundo.

Sinasabi ng Filipos 4:13, "Lahat ng mga bagay ay aking magagawa sa pamamagitan Niyang nagpapalakas sa akin." Kung hihilingin ninyo ang karunungan at kalakasan mula sa Diyos, magiging mahusay na lingkod Niya kayo.

Gaya ng mga pastor, dapat nilang pagtuunan ang mga kaluluwang nawawalan ng pag-asa, ang mga kaluluwang nanghihina, mga kaluluwang may matigas na kalooban, sa halip na mga kaluluwang nasa mabuting kalagayan sa iglesya. Kahit hindi ninyo gusto ang trabahong ibinigay sa inyo, isipin muna ninyo ang kalooban ng Diyos para sa inyo.

Hindi ko sinasabing basta na lang kayo bibigyan ng Diyos ng gawain nang hindi isinasaalangalang ang pananampalataya, kalagayan, mga pangitain, at mga kakayahan ninyo. Ang sinasabi ko ay sa halip na isipin ninyo ang inyong sarili, isipin muna ninyo ang nais ng Diyos para sa inyo, gusto Niyang ibigay sa inyo lagi ang pinakamabuti.

Noong minsan, hiniling ko sa mga manggagawa ng mga grupong pang-misyon na paglingkuran ang mga miyembro ng grupo nila. Hindi ko ginawa ito para madagdagan ang mga tungkulin nila at maging tapat sila sa buong sambahayan ng Diyos. Ginawa ko ito para maintindihan nila ang damdamin ng isang pastol, kung paano nito aalagaan ang mga kaluluwa at mamahalin ng mas malalim ang iglesya at ang mga miyembro nito. Kung hindi ninyo lalawakan ang puso ninyo at mananatili kayo sa inyong sariling limitasyon, nagmamatigas kayo, sinasabing, "Hindi na ako gagawa ng mas higit pa para sa kaharian ng Diyos."

At may mga tungkulin na kitang-kita ng ibang tao, parang nasa entablado, habang mayroon namang paglilingkod na hindi man lang napapansin. Kung minsan, nagpapakahirap kayo, pero walang nakakapansin o kaya, nakuha ng ibang tao ang papuri. Gusto kong suriin ninyo ang sarili ninyo, magugustuhan pa rin kaya ninyong maglingkod kapag nangyari ito?

Baka mabigyan kayo ng trabaho na hindi ninyo gusto. Baka dalhin kayo sa lugar na hindi ninyo inasahang pagdadalhan sa inyo. Baka ilagay kayo sa mababang posisyon, o kaya, pintasan ang gawaing tinupad ninyo nang buong puso. Gayon pa man, umaasa ako na ilalaan ninyo ang inyong sarili nang may pagpapakumbaba tulad ng isang hindi karapat-dapat na lingkod (Lucas 17:10).

Inilalaan ng Diyos ang Sarili sa buong pangangalaga ng sangkatauhan. Ang dahilan nito ay pag-ibig.

Dahil batid ng Diyos ang kahinaan ng tao, batid din Niya na magtataksil ang mga ito sa kanya. Batid Niya na mababahiran sila ng kasalanan at mabibigo Siya dahil dito. Pero dahil sa pag-ibig Niya, matagal Siyang nagtitiis. Ayaw Niyang isuko kahit na isang kaluluwa, kaya paulit-ulit Siyang nagbibigay ng pagkakataon. Sa bandang huli, ibinigay Niya ang pinakamamahal Niyang Anak bilang kabayaran sa krus, ipinakita Niyang muli ang pag-ibig Niya (Mga Taga-Roma 5:8).

Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon, na makita nawa ninyo ang pag-ibig ng Diyos para sa inyo, italaga ninyo ang sarili nang may tunay na pagmamahal, at magpagamit nang may kadakilaan.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.


"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Balitang Manmin
Tagalog
Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr

Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



# Nagbibigay ng Kasiyahan ang mga Makalangit na Halaman at Hayop

Ang pinakamagandang kaloob ng Diyos na Manlilikha para sa mga pinakamamahal Niyang anak ay ang walang hanggang Langit. Kung nakamit ninyo ang puso na kasing linaw ng kristal na tulad sa Diyos, paglilingkuran kayo ng mga anghel. Pwede ninyong gawin kung ano ang gusto ninyo sa Langit na walang hanggan. Masisiyahan kayo dahil pati mga halaman at hayop ay maglilingkod sa mga anak ng Diyos.

Inaasahan ko na magiging mga anak kayo na kinalulugdan ng Diyos at tumatamasa ng pinakamaluwalhating buhay sa Langit.

## 01›› Naglalabas ng espesyal na kabanguhan ang mga halaman sa Langit, binabati ng mga ito ang mga anak ng Diyos kapag lumalapit sa kanila

Maraming klase ang mga halaman sa Langit, tulad dito sa mundo. Ang mga halaman dito sa mundo ay sumisipsip ng tubig at sustansya sa pamamagitan ng mga ugat nila. Lumalaki ang mga ito, namumulaklak, nagkakadahon na sumasalo ng sustansya mula sa araw, at namumunga. Hindi kailangan ng mga halaman sa Langit ang lahat ng ito para mabuhay. Nabubuhay sila nang walang hanggan, binubuhay sila ng Diyos.

Hindi nalalanta ang mga dahon nila, hindi rin nalalagas ang mga prutas at bulaklak. Kahit pitasin natin ang bunga, may lalabas na panibagong bunga, palaging may bunga ang mga halaman dito. Ganito rin ang nangyayari sa mga bulaklak.

Hindi rin malalanta ang mga bulaklak na pinitas. Mananatili itong sariwa, parang palaging bagong pitas. Hindi rin magbabago ang kakaibang kulay at hugis ng mga ito. Mayroon silang sariwa, kaaya-aya, elegante, at banayad na kabanguhan.

Kahit palaging naglalabas ang mga ito ng kabanguhan, hindi ito lumilipas o nauubos. Kung kinakailangan, may matapang na amoy ito, at kung minsan naman, banayad at mahinhin. Kapag naamoy ninyo ito kahit minsan lang, magiging masigla ang buong katawan ninyo.

◆◆◆

Pansamantalang nagsasara ang mga talulot ng bulaklak kapag nilapitan ito ng amo, pagkatapos, mamumukadkad at maglalabas ng bango para bumati, parang sinasabi nito, “Masayang pagbati, salamat at nilapitan mo ako!”

Kapag nagpupuri at itinataas ng mga anghel ang mga kamay nila sa Diyos, sumasabay sa kumpas ang mga bulaklak. Nilalabas nila ang matapang, o banayad na samyo. At kung gusto ng mga amo na makakita ng mga inihahanging talulot, papaliparin ng bulaklak ang mga talulot niya. Gusto nitong pasayahin ang amo niya.

Sa totoo lang, ang bango at diwa na nakapaloob sa mga halaman ay magkakaiba sa bawat tirahan sa Langit. Halimbawa, ang mga rosas sa Paraiso ay isa lang sa maraming klase. Pero ang mga rosas sa mga tirahan sa Bagong Jerusalem ay hindi lang pangkaraniwan, nakapaloob sa kabanguhan ng mga rosas dito ang damdamin ng amo niya. Kaya kapag may bumisita sa bahay ng amo, ilalabas ng rosas ang kabanguhang nagpapahayag ng kalooban ng amo.

Hindi rin makikita ang lahat ng halaman na nasa Bagong Jerusalem sa ibang tirahan. Kumakaunti ang klase ng halaman mula sa Bagong Jerusalem pababa sa Paraiso, nababawasan din ang kapangyarihan ng mga tao para gamitin ito. Nag-iiba din ang kalidad ng isang halaman sa magkakaibang tirahan. Halimbawa, parehong may damuhan sa Paraiso at sa Bagong Jerusalem, pero magkaiba ang kulay at kaginhawahang ibinibigay nito.

## 02›› Masaya ang mga hayop sa Langit kapag nakikita nila ang mga anak ng Diyos

Mas malaki nang kaunti ang mga hayop sa Langit kaysa sa mga narito sa lupa. Higit sa lahat, maamo at masunurin sila. Naglalabas din ng kamangha-manghang liwanag ang balahibo ng mga hayop at mga ibon. Mabango at hindi matapang ang amoy nila. Maamo kahit ang mga leon. Parang gintong matingkad ang makapal na balahibo nila sa leeg at balikat. Maganda ang kulay ng palikpik at kaliskis ng mga isda, papalitpalit ito ng kulay.

Kapag nakita ng mga hayop na ito sa Langit ang mga anak ng Diyos, magtatatalon sila sa tuwa. Makikinig at susunod sa mga amo nila ang mga hayop na pinalaki sa mga tirahan sa Bagong Jerusalem. Mababasa din nila ang nasa isipan ng amo nila, lubos na kasiyahan ang ibibigay nila sa mga ito. Ginagawa nila ang kanilang tungkulin dahil nasa ilalim sila ng espirituwal na kapangyarihan, hindi dahil may mga kaluluwa sila para mag-isip, humatol, o gumalaw. Kung ang mga anghel ay mga espirituwal na nilalang na kumikilos ayon sa mga utos ng Diyos, ang mga hayop sa Langit ay mga espirituwal na nilalang din na nabubuhay at kumikilos ayon sa tungkulin nila.

◆◆◆

Hindi mabibilang ang klase ng mga hayop at isda sa Langit. Marami ring hindi makikita dito sa lupa. Sa kabilang banda, marami ring mayroon dito sa lupa pero wala sa Langit. Ang mga hayop na ito ay ang mga sinasabi ng Diyos na ‘nakapopoot’ at ‘marumi’.

Sa aklat ng Levitico 11, mababasa natin kung anong mga hayop, ibon, isda at mga insekto ang pinapaniwalaang nakapopoot sa mata ng Diyos. Ang mga nakakasuklam na hayop ay mga mayroong pagkakahawig sa kerubin na nagkasala at lumaban sa Diyos. Sa Pahayag 12:9, mababasa natin, ‘Ang malaking dragon at ang kanyang mga anghel’. Sila ang sumama kay Lucifer nang ito ay maghimagsik laban sa Diyos. Ang ‘mga anghel ng dragon’ dito ay tumutukoy sa ilang kerubin na pag-aari ng dragon. Ang mga kerubin ay mga espirituwal na nilalang na may anyong hayop, hindi tulad ng mga anghel na may anyong tao.

Magaganda ang anyo ng mga anghel ng mga dragon na dating mga kerubin, pero nang maghimagsik sila laban sa Diyos at naging masama, nagbago ang anyo nila, naging mga pangit na hayop sila. Ang mga hayop na sinabi ng Diyos na ‘nakapopoot’ ay ang mga kamukha ng masasamang kerubin.

Ang mga ‘maruruming’ hayop ay ang mga mayroong masamang ugali noong likhain ang mga ito mula sa alabok sa lupa. Halimbawa, may mga hayop na tuso, marahas, o sakim. Ang ilang mga hayop na binanggit sa Biblia ay kamelyo, kuneho, baboy, daga, bubwit, at butiki (o tuko, bayawak, bubuli, at iba pang kauri).



# "Ang Taong Mapagpakumbaba ay Itinataas ng Diyos ng Pag-ibig!"

Pastor Hyunju Kim, 50 taong gulang, Pastor ng Parokya 31



Nagkaroon ng isang anak na lalaki at anim na babae ang mga magulang ko. Ako ang pang-apat na anak na babae. Cristianong pamilya kami, habang lumalaki ako, nakita kong nananalangin ang nanay ko sa pulong-panalangin tuwing madaling-araw. Nag-aral ako ng English Language and Literature sa Yonsei University at naging guro ng wikang Ingles.

### Naranasan ko ang pag-ibig ng Diyos dahil sa anak kong sakitin

Noong Mayo 1992, nagpakasal ako kay Elder Yeongsik Hong, nagkaroon kami ng anak na babae. Noong taong 1996, nagbuntis akong muli. Nagtuturo ako noon sa isang pampublikong paaralan habang nag-aalaga ng panganay kong anak. Pagod na pagod ako. Dahil dito, noong Hunyo 1997, napaaga ang panganganak ko sa pangalawang anak, pitong buwan ko pa lang itong ipinagbubuntis.

May timbang na 1.3kg ang anak kong lalaki nang ipanganak ito, at nagkaroon siya ng brain damage habang ipinapanganak. Kailangang ilagay muna siya sa incubator. Kinabukasan, pagkatapos kong manganak, dahil alam kong may limitasyon ako bilang tao, lumuhod ako sa harapan ng Diyos at nagsimulang maghandog ng panalangin sa pulong-panalangin sa madaling-araw. "Diyos ko, patawarin Mo po ako. Nabuhay ako para sa sarili ko. Hinangad ko ang makamundong tagumpay. Hindi ko sinunod ang kalooban Mo."

Pagkalipas ng dalawang buwan, binigyan ako ng libro ng mas bata kong kapatid na si Punong Diakonesa Hyunsuk Kim. Ito ay ang libro ni Dr. Jaerock Lee na *Tasting Eternal Life before Death*, isang patotoo tungkol sa buhay niya. Nasiyahan ako sa pagbabasa nito buong gabi. Bumisita ako sa Manmin Central Church, umasa na gagaling ang anak ko.

Noong Oktubre 1997, nakatakdang dumalo ang asawa ko sa isang pagsasanay sa pagpapadalubhasa bilang doktor. Dapat kaming lumipat sa France, kasama ang anak kong maysakit. Hindi normal ang paglaki nito, palagi siyang umiiyak, nasasaktan.

Noong Mayo 1998, bumalik ang pamilya namin sa South Korea para dumalo sa espesyal na pulong ni Dr. Lee para sa muling pagpapasigla ng espiritu. Tumanggap ako ng malaking pagpapala, pinagsisihan ko ang mga nagawa kong kasalanan.

*Dumalo ako sa iglesya na nagbibigay ng buhay dahil sa panganay na anak kong lalaki na ipinanganak na may pinsala sa utak (brain damage). May mga hindi magandang balita na napatunayang mali. Binuwag ng Salita ng Buhay ang mga ideya tungkol sa katalinuhan at kayabangan. Naglilingkod ako ngayon sa mga kaluluwa bilang pastor.*

Pagkatapos, tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee para sa anak kong maysakit. Tumigil ito sa pag-iyak, parang wala na siyang nararamdamang sakit. Bumuti ang kalagayan niya. Nagliwanag ang mga mata niya at naging malusog siya. Naranasan namin ang kapangyarihan ng Diyos! Bumalik kami sa France, tinapos ng asawa ko ang pagsasanay. Noong Oktubre 1998, bumalik kami sa Korea, sinimulan naming mamuhay ng masayang buhay bilang mga Cristiano bilang mga miyembro ng Manmin.

Noong Enero 1999, biniyayaan ako ng Diyos na magbuntis ng isa pang anak na lalaki. Pagkalipas ng isang buwan, nagsimulang unti-unting manghina ang panganay na anak ko. Kinuha na siya ng Diyos, nasa Langit na siya ngayon. Napakalungkot ko noong una, pero napagtanto ko ang pag-ibig at kalooban ng Diyos na nagbigay sa amin ng bago at malusog na buhay.

### Lumago ang pananampalataya ko pagkatapos ng pagsubok mula sa isang istasyon ng pagbobrodkast

Noong Mayo 1999, lumabas ako sa isang programang pampubliko sa telebisyon sa Korea, hindi ko sinadya ito. Nasa panlimang buwan ang pagbubuntis ko nang tawagan ako ng isang babae. Sinabi niya na may cerebral palsy ang pamangkin niyang lalaki, gusto niyang gumaling ito, dadalo siya sa espesyal na pulong ng pagpapasigla ni Dr. Lee. Nagpatulong siya sa akin.

Pagkalipas ng ilang araw, bumisita siya sa bahay ko. Nakasimangot siya, may dalang malaking bag. Dahil sa kagustuhan kong ibahagi sa kanya ang ebanghelyo, ikinuwento ko sa kanya ang naging karanasan ko at hinimok ko siyang paniwalaan ang makapangyarihang pagkilos na ipinapakita sa pamamagitan ni Dr. Lee, niyaya ko siya sa pagpupulong. Isang araw, tinawagan ako ng isa sa mga kakilala ko, sinabi nito, "Buksan mo ang tv, nandoon ka!" Napagtanto ko na habang kausap ko ang babaing iyon, may nakatagong kamera, nabigla ako.

Sinabi ko sa babaing iyon na gumaling ang anak ko mula sa sakit dahil idinalangin siya ni Dr. Lee, naging malusog ito. Pero dahil likas na mahina ang pangangatawan niya, kinuha siya ng Diyos sa Langit, at binigyan kami ng bagong buhay bilang pagpapala. Pero nang ipalabas ito sa programa, pinutol-putol ang patotoo ko. Parang sinabi ko na namatay ang anak ko pagkatapos niyang maipanalangin.

Nabigla ako at ang asawa ko, parang pinagtaksilan kami. Labag sa batas ang panayam sa akin, hindi makatarungan. Pero napagtagumpayan namin ito dahil kumilos nang may kabutihan ang mga miyembro ng iglesya, lalonglalo na ang Punong Pastor, nagtiwala sila sa Diyos, minahal nila ang mga kaluluwa kahit dumaan sila sa mga paghihirap hindi naman sila gumawa ng masama.

Sa bandang huli, napatunayan na hindi makatarungan ang ginawang panayam. Noong taong 2000, binuksan ng Diyos, na nakakaalam ng lahat ng bagay, ang pintuan para sa pandaigdigang misyon para sa Manmin. Mas mabibigyan ng iglesya ng luwalhati ang Diyos.

### Sumusunod ako sa Panginoon, may tunay na kaligayahan

Nagpapasalamat ako sa pagsubok na ito dahil binuwag nito ang pagyayabang ko sa talino at kaalaman ko. Sinimulan kong umasa sa Diyos sa buhay ko, nawala ang paghahangad ko tamasahin ang mga sinasabing mabubuting bagay dito sa mundo. Nagpasiya akong mabuhay para sa kaluwalhatian ng Diyos. Nakatuon ang puso ko sa walang hanggang tirahan ko sa Langit.

Natutuhan ko ang tungkol sa kalooban ng Diyos sa pagbabasa ng *Ang Mensahe ng Krus; The Measure of Faith; Spirit, Soul, and Body; Heaven I & II;* at *Ten Commandments*. Nasa mga librong ito ang napakahalagang mga mensahe ni Dr. Lee na tinanggap niya mula sa Diyos dahil sa hindi mabilang na pag-aayuno at pananalangin.

Noong taong 2001, kinuha ang asawa ko bilang researcher (tagapanaliksik) ng isang kumpanya sa Daedeok Science Town. Dumalo kami sa Daejeon Manmin Church. Pagkalipas ng 5 taon, hinirang siya bilang isang propesor ng Department of Science Education sa Seoul National University of Education. Kaya nakadalo ulit kami sa Manmin Central Church, isang malaking pagpapala ito sa amin.

Noong taong 2010, pumasok ako sa Alliance Holiness Theological Seminary, pastor na ako ngayon. Samantala, tinulungan ako na Diyos, na nakakakita ng nilalaman ng puso, na madiskubre ang mga masasamang bagay sa kaibuturan nito. Iwinaksi ko ang mga ito. Kung titingnan, parang mapagpayapang tao ako, pero nanghuhusga ako ng ibang tao sa aking isipan. Hinahanapan ko ng dahilan ang mga pagkakamali ko, sumusuway ako. Iwinaksi kong lahat ito. Nagpakumbaba ako, winasak ko ang pagmamalinis, mga sariling ideya, kayabangan, at pagpapalalo. Noong Hunyo 2015, naging espirituwal ako. Biyaya ito ng Diyos.

Nakapasa sa Korea University ang anak kong babaing si Haeun pagkatapos niyang tanggapin ang panalangin ni Dr. Lee. Ang anak naman naming lalaking si Daebeom, siya'y isang handog mula sa Diyos, ay naglilingkod bilang miyembro ng choir. Siya ang lider ng grupo nila.

Lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay ibinibigay ko sa Diyos na lumapit sa akin at pumatnubay sa pinakamapagpalang paraan.


## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714